


CSCFM



MANWAL sa

PAGSASANAY

**“Ang paggawa sa gawain ng Dios ay mapanganib —
Ang hindi paggawa nito ay higit na mapanganib.”**

S. Wurmbrand

Hilagang Amerika • Gitnang Amerika • Timog Amerika • Asya • Aprika

Nirebisa noon March 9, 2011



KAPAHAYAGAN NG DOKTRINA

Pinagtitibay at pinahahayag ng mga kabakas ang kanilang pananampalataya sa mga sumusunod:

1. Naniniwala kami sa mga kasulatan ng Biblia (Lumang Tipang at Bagong Tipan) na ito ay kinasihan ng Dios, na ang pagsalin nito mula sa pinagmulang wika ay wasto at walang halong kamalian, na ito ang pinakamataas at ultimong kapangyarihan na masusunod pagdating sa pananampalataya at buhay ng tao.
2. Naniniwala kami sa iisang Dios na walang hanggang nabubuhay sa tatlong persona: Ama, Anak at Espiritu Santo.
3. Naniniwala kami na si Jesucristo ay Dios. Siya ay isinilang ng isang birhen, namatay at nagbubo ng Kaniyang dugo bilang kapalit sa pagpapakasakit ng tao, nabuhay muli sa katawang tao, umakyat sa langit at kasalukuyang dinadakila at nakaupo sa kanang kamay ng Dios Ama. Siya ay muling magbabalik sa lupa. Ang Kaniyang pagbabalik ay nalalapit na at ito ay masasaksihan ng bawat isa.
4. Naniniwala kami na ang kaligtasan ay binubuo ng kapatawaran ng mga kasalanan, ng katuwiran ni Cristo na naipabilang sa atin, at ng biyaya ng buhay na walang hanggan na makakamit sa pamamagitan lamang ng pananampalataya na walang mga gawa. Nang dahil sa kasalanan ni Adan, ang lahat ng tao ay naparatangang nagkasala at naging ganap na masama. Upang maligtas ang tao, kailangan siyang mabuhay muli sa pamamagitan ng Espiritu Santo.
5. Naniniwala kami sa “Walang Hanggang Kasiguruhan” ng mananampalataya, na imposible para sa isang ipinanganak na sa pamilya ng Dios na mawala kailan man.
6. Naniniwala kami na ang pagbautismo at Banal na Hapunan ay mga kautusan ng Iglesia na hango sa Biblia. Ang mga ito ay nararapat na isinasagawa ng lokal na iglesia. Ang pagbautismo (sa pamamagitan ng paglubog sa tubig) ay dapat ibinibigay sa mga mananampalataya lamang bilang simbolo ng kanilang paniniwala sa kamatayan, paglilibing at muling pagkabuhay kasama si Cristo. Ang Banal na Hapunan ay dapat tinatanggap lamang ng nabautismuhang mananampalataya upang ipahayag ang kamatayan ni Cristo hanggang sa Kaniyang muling pagbalik.
7. Naniniwala kami sa pisikal na muling pagkabuhay ng mga matuwid at hindi matuwid, sa walang hanggan na kaligayahan ng mga naligtas, at sa walang hanggan na kaparusahan ng mga naligaw ng landas.
8. Naniniwala kami na inatasan ni Cristo ang Iglesia na ipangaral ang Salita ng Dios sa bawat tao sa buong mundo, at bautismuhan at turuan ang sino mang mananampalataya kay Cristo.

PAALALA: Ang CSCFM ay isang *interdenominational ministry* na maaaring makipagtrabaho sa kahit sinong Iglesia na nagpapatibay at sumasang-ayon sa mga nailahad na kapahayagan ng doktrina.

MGA NILALAMAN

Kapahayagan ng Doktrina	2
Mga Nilalaman	3
Paunang Salita	4
Ang Pagpapahayag ng Aming Misyon	4
Mga Pakinabang ng <i>Film Evangelism</i>	5
Paghahanda at Pagbubuo ng <i>Film Evangelism</i>	7
Pagkuha ng Permis	8
Pangangalap ng Mga Miyembro ng Grupo	9
Pagtatanghal ng Pelikula	13
Pagsubaybay (<i>Follow-Up</i>)	15
Pagkuha at Pagtala ng Datos	16
Mga Tagubilin sa Pagtatala ng Datos	18
Apendiks	
1 CSCFM Website	20
2 CSC Missionary Area Login (<i>pop-up screen</i>)	20
3 Missionary Data Area	21
4 Missionary Data Entry Field Report	21
5 Missionary Yearly Field Report	22
6 Manwal sa Pagsasanay	22
7 Mga Bagong <i>Link (Web Access)</i> sa Hinaharap	23
8 CSCFM Team Yearly Report	24
9 Mapa na Nahati sa Mga Sona (1)	25
10 Mapa na Nahati sa Mga Sona (2)	26
11 Halimbawa Kung Paano Tatapusin ang Pagtatanghal ng Pelikula (1)	27
12 Halimbawa Kung Paano Tatapusin ang Pagtatanghal ng Pelikula (2)	28
13 Halimbawa Kung Paano Tatapusin ang Pagtatanghal ng Pelikula (3)	29
14 Halimbawa ng <i>Script</i> Para sa Pagpupulong Kasama ang Pinuno o Opisyales ng Nayon o Barangay	29
15 Mga Halimbawa ng Patoto	30
16 Listahan ng mga Kagamitan	32
Ayos ng Kagamitan	33
17 Talakdaan at Listahan Para sa Lugar na Pagtatanghalan ng Pelikula	34
18 Follow-Up Card	36
19 CSCFM Promotion Card	37
20 CSCFM Monthly Field Report Sheet	38
Kasunduan sa Gawain at sa Paggamit ng mga Kagamitan ng CSCFM	39

PAUNANG SALITA

Ang **Christians Sharing Christ Film Ministries (CSCFM)** ay isang *interdenominational ministry*¹. Ito ay nakikipag-ugnayan sa iba't ibang Iglesia at Samahang Pangmisyon² na may pangunahing layunin na hikayatin at akayin ang mga hindi pa naliligtas para kay Cristo at gawin silang kasapi ng isang lokal na iglesia. Sa loob ng higit na apatnapung (40) taon, ang CSCFM ay nakapagpalabas na ng libu-libong pelikula sa mga liwasan at lansangan sa siyudad, mga kabundukan, at mga kagubatan na nasa iba't ibang bansa at limang kontinente. Ang CSCFM ay patuloy na lalago at pupunta sa kung saan man ito akayin ng Dios.

ANG PAGPAPAHAYAG NG AMING MISYON

“Paghahanda, pagsasanay at paglilingkod sa mga Katutubong Misyonero upang matulungan ang lokal na Iglesia na ihatid ang mensahe ng kaligtasan sa pamamagitan ng pelikula, sa pinakamalaking bilang ng tao sa pinakamaikling panahon.”

Mga Susing Talata: Marcos 16:15; Mateo 24:14, 28:18-20; Lucas 24:46, 47; Mga Gawa 1:8; Mga Gawa 11:21, 24, 14:1; Mga Gawa 20:24; 2 Timoteo 4:5

Paghahanda, pagsasanay at paglilingkod - Ang CSCFM ay naglilingkod sa lokal na Iglesia sa buong mundo upang tuparin ang huling Utos ni Cristo.

Mga Katutubong Misyonero - Sila ay bihasa sa kultura at kaugalian ng mga taong kanilang pinaglilingkuran at, samakatuwid, mas nalalaman nila kung paano aakayin ang kababayan tungo kay Jesus.

Upang matulungan ang lokal na Iglesia - Ang CSCFM ay isa lamang kasangkapan upang tulungan ang lokal na Iglesia na hikayatin ang mga nawawala sa landas, lumago at patatagin ang espirituwalidad at bilang ng mga mananampalataya, at gayun din sa pagtatag ng mga bagong samahan.

Ihatid ang mensahe ng kaligtasan sa pamamagitan ng pelikula - Higit pa sa kalahati ng bilang ng tao sa mundo ang hindi marunong magbasa. Hindi nila mauunawaan at hindi sila makakatugon sa mga nakasulat sa Biblia. Ipinagkaloob ng Dios sa CSCFM ang ministryo ng pagbahagi ng Ebanghelyo gamit ang pelikula.

Sa pinakamalaking bilang ng tao sa pinakamaikling panahon - Ang layunin ay tigmakin ang mundo, sa lalong madaling panahon, ng Mensahe na “Si Jesus ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay.”

Sa pamamagitan ng CSCFM, ipinagkaloob sa iyo ng Dios ang isang bukud-tanging pagkakataon na magbibigay sa iyo ng kakakayahan na umani ng malaking bilang ng kaluluwa sa pamamagitan ng

¹ Interdenominational ministry - gawaing paglilingkod na maaaring makipagtrabaho sa iba't ibang sekta o grupo

² Samahang Pangmisyon - Mission Organization

pelikula. Maraming salamat at sinamahan mo ang Dios sa ganitong gawain na akayin ang mga nawawala sa landas patungo sa Krus.

MGA PAKINABANG NG *FILM EVANGELISM*³

“GAWING ALAGAD ANG MGA TAO SA LAHAT NG BANSÀ”

Itong huling utos ni Jesus ang dapat na unang tungkulin natin. Hanggang ngayon, ang layunin ay nananatiling pareho: Ang kilalanin si Jesus ng lubusan sa ating personal na buhay, at ang ibahagi ang mensahe ng Kaniyang pag-ibig at pagpapatawad sa buong mundo.

Si Jesus ay Panginoon! Ikaw at ako ay may pribilehiyong ipahayag ito hanggang sa dulo ng mundo na nawawala sa landas. Subali’t ang gawain ay lubhang napakalaki. Araw-araw, mas mabilis na dumadami ang populasyon ng mundo kaysa populasyon ng Iglesia. Mahigit na kalahati ng tao sa mundo ang nananatiling hindi marunong bumasa at sumulat. Hindi nila maunawaan ang nakasulat sa Biblia. Sa gitna nitong napakabigat na hamon, ang mga pastor, ebanghelista at mga pinuno ng misyon ay patuloy na bumabaling sa iba’t ibang anyo ng *media*⁴ upang maabot ang napakalaking bilang ng mga taong ito.

Sa lahat ng mga kasangkapang magagamit para sa pagbabahagi ng Salita ng Dios, marahil ay wala nang tatalo pa sa paggamit ng pelikula dahil ito ay maraming nagagawa at maaaring dalhin at ilipat ng lugar. Ang mga pelikula ay nagsisilbing “salaan” upang matagpuan ang hinog na bungang-kahoy na inihanda ng Dios. Ilan taon na din ang nagdaan na ang aming pagsisikap sa pagmimisyon ay nakikilala sa pamamagitan ng pagbabahay-bahay upang maghanap ng mga tao na interesado sa Ebanghelyo. Ngunit ngayon ay madalang na namin itong gawin sapagka’t sa maraming lugar na aming napupuntahan ang buong baryo ay kusa nang dumarating upang makapanood ng pelikula. Bukod sa makakapanood sila ng pelikula, mayroon din silang pagkakataon na **MAKITA at MARINIG** ang Ebanghelyo lalo na kung ito ay nakasalin sa kanilang sariling wika. Bakit kailangan gumamit ng *visual media*⁵? Mas madaling paniwalaan ang isang bagay kung ito ay nakikita! Ang mga pelikula at iba pang anyo ng media ay nakakahikayat ng malaking grupo. Maraming tao ang hindi pa kailanman nakakapasok sa simbahan o hindi pa nakakapagbasa ng Biblia. Ayon sa pagsasaliksik, 11% lang ang natatandaan ng isang tao kung ang mensahe ay pinakikinggan lamang, samantalang 83% naman ang natatandaan kung ito ay nakikita. Ang paulit-ulit na panonood ng pelikula sa loob ng isang linggo ay nakakatulong sa pagpapanatili ng mensahe sa isipan ng tao. Samakatuwid, madaling maalala ng tao ang kuwento ni Cristo kung palagi nila itong nakikita.

Kung **MAKIKITA at MARIRINIG** ng mga pinuno ng isang nayon ang mensahe ni Cristo, ang buong nayon ay susunod na din. Kung sakaling may tumugon sa tawag ni Cristo, sila ay tuturuan kung paano palaguin ang kanilang pananampalataya. Tuturuan din sila kung paano manghikayat ng iba. Sa pagbalik nila sa kanilang nayon, ipapamalita nila ang lahat ng bagay na ginawa sa kanila ng Dios (Lukas 8:39).

³ Film Evangelism - pagbabahagi ng Ebanghelyo gamit ang pelikula

⁴ Media - isang paraan ng pagbabahagi ng impormasyon o mensahe gamit ang telebisyon, radyo, pahayagan, pelikula, atbp.

⁵ Visual media - anyo ng media na nakikita ng mata

Bukod sa pagiging salaan upang matagpuan ang hinog na bungang-kahoy, marami pang pakinabang ang pagbabahagi ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng pelikula.

1. Ang pelikula ay lambat na ginagamit sa panghuli ng kaluluwa at pagtayo ng bagong Iglesia.

Ang pagtatanghal ng pelikula ay nagsisilbing tulay upang magkaroon ng pagtutulungan ang lokal na Iglesia at ang CSCFM. Ang mga pagpapalabas ng pelikulang ito ay hindi upang libangin ang mga manonood. Bagkus, ang layunin nito ay tulungan ang mga mangingisda (Misyonero) na makahuli ng maraming isda (makapanghikayat ng maraming mananampalataya kay Jesus) sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga lambat (kagamitang pangpelikula). *“Sinasabi ni Jesus sa kanila, ‘Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao.’”* Mateo 4:19 MBB05

2. Maaabot ng pelikula ang mga tao na hindi marunong bumasa at sumulat.

Higit pa sa kalahati ng bilang ng tao sa mundo ang hindi marunong bumasa o kaunti lamang ang mga salita na alam basahin. Mula noon taon 1900, ang mga Kristiyano ay nakapagpalimbag na ng higit sa apat na bilyon na Biblia (Lumang Tipan at Bagong Tipan). Gayunman, hindi nakatulong ang pagsisikap na ito para sa mga tao na hindi marunong bumasa. Isang lakansugo⁶ sa United Nations ang nagsabi nito, “Minsan mali ang ginagawa ng inyong mga misyonero. Nakikipag-usap muna kayo sa mga kababaihan at kabataan samantalang tayo ay isang makaamang lipunan (*patriarchal society*)⁷. Masyadong marami rin ang dala-dala ninyong mga babasahin, samantalang 28% lamang ng ating populasyon ang marunong magbasa. Mas marami kayong mahihikayat na tao sa ating bansa kung ang gagamitin ninyo ay drama at pelikula.”

Malaking tulong ang pelikula upang isalin ang Salita ng Dios sa wikang nauunawaan ng tao. Maraming lugar sa mundo kung saan ang mga tao ay tila nabubuhay pa din sa kultura noon unang siglo. Ang kanilang hanapbuhay ay pangngisda o pagsasaka lamang. Ang mga mahihirap ay nakasuot lamang ng tsinelas, samantalang ang mga mas nakakaangat sa buhay ay nagmamay-ari ng karitela na hinihila ng kalabaw o baka. Sa Pilipinas, sa isang baryo na kung saan pangngisda ang pangunahing kabuhayaan, malaki ang epekto sa mga mamamayan doon ang marinig ang himalang ginawa ni Jesus kung saan inutusan niya ang Kaniyang mga alagad na ihagis muli ang lambat at sila ay makakahuli ng maraming isda (Juan 21:1-14). Sa isang baryo sa India na kung saan pagsasaka ang pangunahing kabuhayan, mauunawaan nila ang talinhaga ni Jesus tungkol sa manghahasik (Mateo 13:1-23). At sa Aprika naman, maiintindihan nila ang kuwento na nagpagaling si Jesus ng isang nasapian ng demonyo (Lucas 8:26-39).

Ang pelikula ay mainam na gamit sa pagtuturo para sa mga bagong mananampalataya. Mas lubos nilang mauunawaan ang mensahe ni Cristo sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kaniyang kapangyarihan, kapatawaran at pagmamahal sa mga ordinaryong tao gamit ang pelikula.

3. Kahit sino ay maaaring magpalabas ng pelikula.

Maraming taon ang kailangan upang ihanda ang isang ebanghelista na maging mahusay na tagapagsalita. Ngunit pagdating sa *Film Evangelism*, maaari nang magsanay ng mga manggagawa kahit sila ay hindi nakapagtapos ng pag-aaral. Madaling ituro kung paano

⁶ Lakansugo - Ambassador (Ingles); Isang pinuno na inatasan na kumatawan sa isang bansa o lugar

⁷ Patriarchal Society - ito ay isang uri ng lipunan kung saan ang ama ang pinuno ng pamilya o tribu

magpalabas ng pelikula at hindi kailangan abutin ng taon sa pagsasanay dito. Ang pagtitipon at pagsasanay sa bawat grupo na magsasagawa ng *Film Evangelism* ay para na din nagsanay ng daan-daang Billy Graham na naglalakbay at nagbabahagi ng mensahe ng Ebanghelyo.

4. Ang mga pelikula ay nakakaagaw-pansin.

Ang mga pelikula ay nakakahikayat ng maraming tao. Maging ang mga hindi nagsisimba o nagpupunta sa mga *evangelistic meeting*⁸ ay naaakit nito. Ang mga pelikula na naisalin sa sariling wika ay malinaw na mauunawaan ng mga manonood. Ito ang isang ikinaganda ng pelikula, maaari itong isalin sa iba't ibang wika. Sa loob lamang ng isa o dalawang oras, maaari nang **MAKITA at MARINIG** ng mga tao ang simpleng mensahe ni Cristo sa kanilang wika. Inihahanda na ng Dios ang mga puso ng bawat tao sa buong

PAGHAHANDA AT PAGBUBUO NG *FILM EVANGELISM*

PANALANGIN AT PAGPAPLANO

Bumuo ng grupo ng mananalangin. Humiling sa Dios ng pangitain. Patuloy na manalangin na sana ay tumawag pa ang Espiritu Santo ng maraming maglilingkod sa ministeryo. Ang layunin ng *Film Evangelism* ay mahikayat ang mga hindi pa naliligtas para kay Cristo at gawin silang kasapi ng isang lokal na Iglesia o ng isang bagong itinayong Iglesia.

Mahalaga na kasali ang mga susing pinuno (*key leader*⁹) sa pagpili ng Iglesia o Samahang Pangmisyon na magiging kabakas nila. Isaalang-alang ang mga sumusunod sa pagpili:

- Nais ba ng Iglesia o Samahang Pangmisyon na magtatag ng bagong Iglesia? Nais ba nilang magpalago ng isang naitatag nang Iglesia? O pareho nila ito na nais gawin?
- Magtatalaga ba ng mga bihasang Tagapayo (*Counselor*) ang Iglesia o Samahang Pangmisyon?
- May pagsubaybay ba ang Iglesia o Samahang Pangmisyon sa mga nagpasiyang tumanggap kay Cristo?
- Makapagbibigay ba ang Iglesia o Samahang Pangmisyon ng mga babasahin tulad ng Biblia, Bagong Tipan, o *Gospel tract*¹⁰?

Kumuha ng mapa ng iyong bansa at sonahin ang mga distrito/lalawigan/bayan. Ang bawat sona ay may isa hanggang sampung distrito/lalawigan/bayan (**Apendiks 9 & 10**). Magtalaga ng isang grupo sa bawat sona. Layunin ng grupo na magtayo ng mas marami pang grupo sa bawat sona. Kailangan matukoy ng bawat Direktor ng CSCFM ang laki ng bawat sona. Ang laki ng bawat sona ay nakasalalay sa populasyon, topograpiya (kapatagan, kabundukan, ilog/lawa), mga lugar na ipinagbabawal ng pamahalaan sa publiko, at iba pa. Dapat may sistema ang pagsasaayos ng bawat

⁸ Evangelistic meeting - isang okasyon kung saan pinupulong ng mga Kristiyano ang maraming tao upang magbahagi ng mensahe ng kaligtasan na hatid ng Dios sa pamamagitan ng pagtanggap kay Jesucristo

⁹ Key Leader - mahalagang tauhan na naatasan sa pamumuno ng isang grupo o gawain

¹⁰ Gospel tract - polyeto o babasahin na patungkol sa Ebanghelyo

sona. Gumawa ng listahan ng mga baryo na wala pang nakakapuntang *Film Team*¹¹. Maaaring gumamit ng pangkulay o makulay na *pin* para markahan ang mga baryo. Ang paraang ito ay maaaring gamitin sa pagsona ng malalaking lungsod. (Dapat planuhin ang pelikulang ipapalabas isa o dalawang buwan bago sa takdang araw ng pagtatanghal.)

Pagkatapos sonahin ang mga lugar sa mapa, isabit ito sa pader ng bahay, opisina o simbahan. Ito ay magsisilbing paalala na ipanalangin ang ministryo sa inyong lugar.

PAGPILI NG LUGAR KUNG SAAN GAGANAPIN ANG FILM EVANGELISM

Mas mainam kung gagawin ang pagtatanghal ng pelikula sa labas ng simbahan.

Kung mayroon Iglesia na nais magsagawa at magtangkilik ng *Film Evangelism*, mas mainam kung gagawin ito sa mga lugar na may 200-300 metro na layo sa simbahan. Maraming tao ang walang kalayaan na pumunta sa mga Iglesia. Marahil ay may iba silang paniniwala o mahigpit na ipinagbabawal sa kanila na pumasok sa mga simbahan na hindi nila kapareha ng relihiyon. Dahil dito, mas makakabuti kung gagawin ang *Film Evangelism* sa mga lugar na pampubliko tulad ng paaralan, palaruan, liwasan, bulwagan, at iba pa (Lucas 5:4). Kinabukasan, ang mga bagong mananampalataya ay maaari nang papuntahin sa Iglesia na nagsagawa at nagtangkilik ng *Film Evangelism* upang masubaybayan sila sa kanilang naging pasiya.

Kung walang simbahan sa lugar, ang magiging pangunahing layunin ay magtayo ng bagong Iglesia. May mga relihiyon na pumapayag gamitin ang kanilang lugar para doon ganapin ang pagpupulong. Kung may isa o dalawang bahay lamang sa lugar ang mayroon kuryente, maaaring kausapin at hikayatin ang may-ari ng bahay na tumangkilik ng isang pagtatanghal ng pelikula. Ang kuryente ay maaaring makuha mula sa kanilang bahay o tindahan kung walang *generator*¹² na magagamit. Kung ang pagtatanghal ng pelikula ay gagawin sa probinsya, makakabuting isaalang-alang ang lugar na may 9 kilometro ang laki. Ang pagtatanghal ng pelikula ay maaaring ganapin sa lugar kung saan ang lahat ng tao ay makakadalo at hindi na kailangang maglakad ng napakalayo upang makapanood lamang ng pelikula.

Gamitin ang mapa upang matukoy ang mga lugar na pagtatanghalan ng pelikula. **(Apendiks 9 & 10)**

PAGKUHA NG PERMISO

PAANO HUMINGI SA OPISYAL/PINUNO NG KOMUNID NG PERMISO

Isang linggo bago ang itinakdang araw para sa pagtatanghal ng pelikula, makipagkita at makipag-usap sa mayor, opisyal o pinuno ng komunidad. Ipagbigay-alam sa kanila ang inyong mga plano. **(Apendiks 14)** Kung maaari ay isama ang pastor, direktor ng misyon, o ang taong nagtangkilik na naninirahan sa lugar na iyon. Ang isasagawang *Film Evangelism* ay nararapat lamang na may

¹¹ Film Team - grupo/pangkat na naatasang magsagawa ng Film Evangelism o pagtatanghal ng pelikula

¹² Generator - isang aparato o kagamitan na nagbibigay ng kuryente

pahintulot at pag-endorso mula sa mga pinuno ng komunidad. Ang kanilang pahintulot ay malaking bagay upang mas marami ang makadalo sa *Film Evangelism*.

Maging kaaya-aya at mapagkumbaba.

Magpakilala at sabihin sa kaniya/kanila ang inyong pakay.

Ipaliwanag kung tungkol saan ang pelikula.

Magbigay ng pagpipiliang oras, petsa, at lokasyon kung kailan at saan maaaring ganapin ang pagtatanghal ng pelikula. Bigyan ng kalayaang mamimili ang pinuno.

PANGANGALAP NG MGA MIYEMBRO NG GRUPO

Maging alerto sa mga pagkakataon na makakangalap ka ng tatlo o apat na responsableng boluntaryo mula sa nagtangkilik na Iglesia o Samahang Pangmisyon (na nakapaloob sa sona ng bawat distrito/ lalawigan/ bayan). Kasama ang mga pinuno ng Iglesia at nayon, ang mga boluntaryo ay makakatulong sa paghahanap at pagsasaayos ng mga lugar kung saan maaaring magtanghal ng pelikula.

Ang bawat miyembro ng grupo ay inaasahan na sama-samang maglilingkod at magtutulongan sa pagtapos ng kanilang gawain. Dapat tandaan ng buong grupo na anuman gawain na may kinalaman sa pagbabahagi ng Salita ng Dios ay makakaharap nila palagi si Satanas. Kailangan laging handa at matatag ang bawat miyembro lalo na sa kanilang pananampalataya. Mahalaga ang pagpapasakop sa Espiritu Santo. Maluwag din dapat sa kanilang kalooban ang gawin ang gawain ng Panginoon.

MGA TAUHAN SA PAGTATANGHAL NG PELIKULA AT ANG KANILANG MGA TUNGKULIN

Punong-Abala

Madalas ang tumatanggap ng tungkulin na ito ay ang pinuno ng grupo o ang Tagapagsalita.

Mga tungkulin ng Punong-Abala:

- Tipunin ang kaniyang grupo para sa panalangin at mga huling tagubilin. Siya ang gumaganap bilang tagapangasiwa ng pagtatanghal bago magsimula ang pelikula.
- Nililinaw sa nagtangkilik na Iglesia at mga pinuno ng barangay ang mga detalye sa pagtatanghal ng pelikula (petsa, lokasyon, ilang oras gaganapin ang gawain).
- Binibilang kung ilan ang dumalo sa pagtatanghal ng pelikula at kung ilan ang tumanggap kay Cristo. Ibibigay ng Punong-Abala ang impormasyon sa mas mataas na pinuno ng grupo o sa Pastor na magsasagawa ng follow-up.

- Sa sandaling matapos ang pelikula, ang Punong-Abala o ang Pastor ng nagtangkilik na Iglesia ang siyang magsasagawa ng pag-anyaya sa mga nais tumanggap kay Cristo. **(Apendiks 11, 12, & 13)**
- **IPAKILALA ang pelikula.** Ang pagpapakilala ng pelikula ay hindi lalagpas sa DALAWANG MINUTO. Kasama na sa dalawang minuto ang mga sumusunod: pasasalamat sa nagtangkilik na Iglesia, ang dahilan ng pagtitipon, at pahayag sa paghiling ng katugunan (*feedback request*) pagkatapos ng pagtatanghal. Bago magsimula ang pelikula, sasabihin ng Tagapagsalita o Pastor ng nagtangkilik na Iglesia, “Nakikiusap po kami na mangyaring manatili ng limang minuto sa inyong mga upuan upang makapagbigay kami sa inyo ng ilang mahahalagang impormasyon.”
- **PAG-IINGAT SA MGA TALAAN** (tatalakayin sa ibang paksa)

Mga Miyembro ng Grupo

Sila ang mga miyembro na mula sa nagtangkilik na Iglesia o Samahang Pangmisyon. Ang mga miyembro ng grupo ay iminumungkahi (ngunit hindi kinakailangan) na magbigay ng kanilang patotoo.

Ang bawat patotoo ay nasa 3-5 minuto lamang ang haba. **(Apendiks 15)**

Kung marami ang magpapatotoo, mas mainam kung ang nilalaman ng bawat patotoo ay hindi magkakapareho upang hindi mawalan ng gana ang mga manonood.

Tagapangasiwa ng Projector (Projectionist)

Ang Tagapangasiwa ng *Projector*¹³ ay karaniwang tungkulin ng pinuno ng grupo o ng Tagapagsalita.

Mga tungkulin at dapat tandaan ng Tagapangasiwa ng *projector*.

- Inihahanda ang lahat ng kagamitan na dadalhin sa lugar kung saan magtatanghal ng pelikula. **(Apendiks 16)**
- Inihahanda ang pelikula at ang mga kagamitan 60 minuto bago mag-umpisa ang pagtatanghal ng pelikula.
- Sinisiguro na gumagana ang lahat ng kagamitan at ang mga kable ay nasa maayos na lugar na hindi madadaan ng tao.
- Inaalagaan at nililinis ang mga DVD.


Pangangalaga at Paglilinis sa DVD

Mahalaga na malaman kung paano ang tamang pag-iingat sa DVD habang ito ay nililinis.

1. Maghanda ng tubig, sabon na hindi matapang, at malinis na tela na hindi naghihimulmol.


¹³ Projector - isang aparato na ginagamit sa pagpapalabas ng pelikula

2. Iwasan na hawakan ang makintab na bahagi ng DVD. Sa halip, hawakan ang DVD sa gilid nito at sa butas. **(Larawan 1)**
3. Bahagyang ilublob ang tela sa tubig na may sabon.
4. Simulan ang pagpupunas mula sa butas sa gitna papunta sa kabilang gilid. (Huwag paikot ang pagpupunas sa DVD upang hindi masira ang makintab na bahagi nito.) Gawin ito ng paulit-ulit hanggang ang buong DVD ay malinis at matuyo. **(Larawan 2)**



Larawan 1. Tamang paghawak sa DVD.

- Inaalagaan at nililinis ang *projector*.
- Palaging umupo sa tabi ng *projector*. Huwag itong iwanan habang kasalukuyan ang pagpapalabas ng pelikula upang maprotektahan ito kung sakaling magkaroon ng biglaang aberya.
- Para mapanatili ang mahabang buhay ng bombilya ng *projector*, laging palamigin ito pagkatapos ng pagtatanghal ng pelikula.
- Linisin ng tubig at sabon na hindi matapang ang *air/dust filter*¹⁴ ng *projector*. PAALALA: May mga *video projector* na walang *air/dust filter*.
- Huwag dalhin ang lahat ng pelikula (DVD) sa lugar na pagtatanghalan. Magdala lamang ng isa o dalawang DVD upang hindi ito manakaw o mawala.
- Kapag natapos na ang pagtatanghal ng pelikula, sa araw o gabing iyon din ay maayos at maingat na iligpit ang lahat ng mga kagamitan. Ibalik ang mga ito sa bahay o opisina. Siguraduhin na ang lugar na pinagtaguan ng mga kagamitan ay ligtas. HUWAG hayaan na manatili ang mga kagamitan sa loob ng sasakyan upang hindi ito manakaw. Maraming kagamitan ang nananakaw sa loob ng sasakyan. Isa pa, ang sobrang init sa loob ng sasakyan ay maaaring makasira ng kagamitan.
- Ang mga kagamitan ng CSCFM ay para lamang sa ministryo ng pagtatanghal ng pelikula. HINDI ito maaaring gamitin sa mga lingguhang pagsamba at iba pang gawain na wala naman kinalaman sa CSCFM.



Larawan 2. Direksyon ng pagpunas sa DVD.

Mga Bagay na Hindi Dapat Gawin Habang Nagpapalabas ng Pelikula

- Huwag iwanan ang mga kagamitan lalo na ang projector at mga DVD. Laging magtalaga ng magbabantay sa mga kagamitan.
- Huwag makikipag-usap sa *cellphone* sa anumang bahagi ng pelikula.

¹⁴ Air Filter o Dust Filter - ito ay nagsisilbing salaan upang hindi mapasukan ng dumi ang projector

Tagapagsalita

Madalas ang tungkulin na ito ay napupunta sa pinuno ng grupo.

Mga dapat tandaan ng Tagapagsalita:

- Ang pambungad na pananalita ay nakakatulong upang magkaroon ng magandang samahan ang *Film Team* at ang mga manonood. Isaalang-alang ang edad at hilig ng manonood sa paggawa ng pambungad na pananalita.
- Bago magsimula ang pelikula, sasabihin ng Tagapagsalita o Pastor ng nagtangkilik na Iglesia, “Nakikiusap po kami na mangyaring manatili ng limang minuto sa inyong mga upuan upang makapagbigay kami sa inyo ng ilang mahahalagang impormasyon.”
- Pagkatapos ng pelikula, tatawagin ng Tagapagsalita ang sinuman na nais tanggapin si Cristo sa kaniyang buhay. **(Apendiks 11, 12 & 13)**
- Mamamahagi ang Tagapagsalita, kasama ang mga Tagapayo, ng *Follow-Up Card*¹⁵ **(Apendiks 18)** sa mga tumanggap kay Cristo. Kolektahin ang mga *Follow-Up Card* matapos sulatan ng mga bagong mananampalataya.
- Ang pangwakas na pananalita ay maikli lamang. Isama sa pangwakas na pananalita ang pasasalamat sa mga pinuno ng komunidad at sa nagtangkilik na Iglesia dahil sa pahintulot na ibinigay nila upang makarating ang *Film Team* sa kanilang lugar at makapagtanghal ng pelikula.
- Itatala ng Tagapagsalita ang naging resulta sa pagtatanghal ng pelikula. Tingnan ang *CSCFM Monthly Field Report Sheet* **(Apendiks 20)** para sa pagtatala ng resulta.

Mga Tagapayo

Ang mga Tagapayo ay kadalasan na binubuo ng mga miyembro ng nagtangkilik na Iglesia.

Mga Dapat Gawin Bago Magsimula ang Pagtatanghal ng Pelikula

- Ang malaking pagkakaiba ng pelikulang pang-aliw lamang sa pelikulang pang-ebanghelyo ay ang pagkakaroon ng mga sinanay na Tagapayo. Dapat manggaling ang mga Tagapayo sa lokal na Iglesia o Samahang Pangmisyon na nagtangkilik sa pagtatanghal ng pelikula.
- Sa paghahanap ng mga maaaring maging Tagapayo, isaalang-alang na ang mga maglilingkod sa ganitong gawain ay handang ibahagi si Cristo sa ibang tao. Tuturuan sila kung paano gamitin ng tama ang Biblia o *Gospel tract* para mas madali nilang maipaliwanag ang Ebanghelyo sa mga tumanggap kay Cristo.
- Aabutin ng ilang oras ang pagsasanay sa mga Tagapayo. Ang pagsasanay ay isasagawa bago ang nakatakdang araw ng pagtatanghal ng pelikula. Ang mga Tagapayo ay dapat bigyan din ng

¹⁵ Follow-Up Card - ito ay maliit na papel na susulatan ng pangalan, tirahan, edad, at iba pang mahalagang impormasyon

pagkakataon na magsanay kung paano gawin ang pagpapatotoo. Itala kung ilan ang nagsanay na maging Tagapayo sa *CSCFM Monthly Field Report Sheet*. **(Apendiks 20)**

- Sa pagsasanay ng mga magiging Tagapayo, bigyan-diin na ang ating patotoo ay magiging mabisa lamang kung tayo ay napuspos at napamahalaan ng Espiritu Santo. Ang katagumpayan ng pagpapatotoo at pagbabahagi kay Cristo ay nakasalalay sa kapangyarihan ng Espiritu Santo at pagpapasa-Dios sa magiging resulta nito.

Mga Dapat Gawin Habang Nagpapalabas ng Pelikula at Pagkatapos ng Palabas

- Sa oras ng pagtatanghal ng pelikula, ang mga Tagapayo ay nakikihalubilo sa mga manonood upang makabuo ng magandang pakikipag-ugnayan sa kanila. Sa ganitong paraan, mapapalagay din ang loob ng mga manonood.
- Pagkatapos ng pagtatanghal ng pelikula at pagtawag sa mga nais tumanggap kay Cristo, ang mga Tagapayo ay nakahanda nang kausapin ang mga lumapit sa harapan na nais pang makakuha ng impormasyon, o kausapin ang mga nagpahayag ng kanilang pagnanais na tanggapin si Jesucristo bilang kanilang Tagapagligtas.
- Mahalagang ipanalangin ang mga bagong mananampalataya. Ipaliwanag sa kanila ang tungkol sa kasiguruhan ng kaligtasan. Kausapin sila tungkol sa bagong buhay na tatahakin nila kasama si Cristo.
- Kung may mga katanungan ang manonood, sagutin ang mga ito. Akayin at ipanalangin sila. Hikayatin silang dumalo sa mga pagpupulong na gaganapin sa lokal na Iglesia upang masubaybayan ang kanilang pananampalataya. Hikayatin din sila na maging bahagi ng pamilya ni Cristo sa pamamagitan ng pagpapamiyembro sa isang lokal na Iglesia at paglahok sa mga grupong nag-aaral ng Biblia.
- Ang mga Tagapayo, kasama ang Tagapagsalita, ay magbibigay ng *Follow-Up Card* sa mga tumugon sa tawag at tumanggap kay Cristo. **(Apendiks 18)** Iminumungkahi na bigyan din ng Biblia, Bagong Tipan, o *Gospel tract* ang bagong mananampalataya.

PAGTATANGHAL NG PELIKULA

PAGTATAGUYOD NG PELIKULA

Ang pagtataguyod ng pelikula (*film promotion*) ay ginagawa ilang araw bago ang pagtatanghal. Ito ay ang paghatid ng impormasyon sa buong nayon na may magaganap na pagtatanghal ng pelikula sa kanilang lugar.

Ang mga pangunahing layunin ng paggamit ng *propaganda*¹⁶ ay upang maipaalam sa buong nayon na may magaganap na pagtatanghal ng pelikula sa ganitong lugar, oras at araw. Ito rin ay paraan upang maimbitahan na dumalo ang lahat ng naninirahan sa lugar kung saan gaganapin ang

¹⁶ Propaganda - pagpapalaganap ng gawain, adhikain, opinyon o paniniwala

pagtatanghal ng pelikula.

Pag-aralan ang lugar upang matukoy kung ano ang klase nang pagtaguyod na magiging mabisa at katanggap-tanggap sa lupain at kultura ng mga mamamayan na naninirahan sa lugar na iyon. Isama sa panalangin ang mga kakailanganing tauhan at transportasyon upang mas maging matagumpay ang gagawing pagtaguyod.

Mainam din na gumamit ng *flyer*, polyeto at karatula para makapag-imbita ng manonood. Maaaring ipamigay ang mga ito kung magbabahay-bahay, at maaari din isabit ang mga ito sa mga tindahan at mga pampublikong lugar. **(Apendiks 19)**

Maaaring ipahayag sa radyo, telebisyon at mga peryodiko ang gaganaping pagtatanghal ng pelikula.

Ang mga sasakyan na may nakakabit na *megaphone* at *speaker* ay mabisa din na paraan ng pagtataguyod.

Maging malikhain kung paano maitataguyod sa buong nayon ang gaganaping pagtatanghal ng pelikula. Bukod sa mga nasabing paraan ng pagtaguyod, alamin din kung may iba pang mga makabagong paraan na mas makakaakit at mas makakaagaw-pansin.

MGA DAPAT GAWIN SA ARAW NG PAGTATANGHAL

- Ayusin ang mga kagamitan ng maaga. Laging subukan ang mga kagamitan kung ito ay gumagana ng maayos at nang malaman kung may sira na kailangan ayusin.
- Bago mag-umpisa ang palabas, kumuha na isang grupo na maaaring kumanta o magpatugtog ng mga awitin upang makaakit ng mas marami pang manonood.
- Tipunin ang grupo at mga Tagapayo. Repasuhin ang mga inaasahang mangyayari sa araw ng pagtatanghal ng pelikula. Ito rin ang panahon upang manalangin. Ipanalangin ang mga sumusunod:
 - Kaligtasan ng mga manonood
 - Kaayusan ng lugar at mga kagamitan
 - Paggapos kay Satanas at ang kaniyang pagsusumikap na gambalain ang pagtatanghal
- Ituro sa mga Tagapayo kung saan sila tatayo sa panahon ng pagsasangguni pagkatapos ng palabas.
- Papuntahin ang mga Tagapayo at iba pang miyembro sa labas ng tanghalan at sabihan na mamigay ng *flyers* upang makapag-imbita ng maraming pang manonood.
- Tiyakin sa mga Tagapayo ng nagtangkilik na Iglesia kung kailan at saan nila unang pupulungin ang mga tumanggap kay Cristo para sa kanilang pagsubaybay. Sabihin ito sa mga bagong mananampalataya pagkatapos ng pagtatanghal ng pelikula.

MGA PROBLEMA NA MAAARING MANGYARI AT KUNG PAANO ITO LULUTASIN

Palaging asahan na may mga bagay na hindi kanais-nais ang maaaring mangyari sa araw ng pagtatanghal. Hindi lahat ng pagtatanghal ay walang mali. Minsan ay may mga suliranin na dumarating. Narito ang ilan sa mga problema na maaaring mangyari at kung paano ito lulutasin.

- **Masamang lagay ng panahon**

Kung ang pagtatanghal ay gagawin sa labas, laging maghanda ng isa pang lugar na nasa loob ng isang gusali upang kung sakaling ang lagay ng panahon ay hindi maging maganda, matutuloy pa din ang pagtatanghal ng pelikula. Sa panahon ng tag-ulan, laging magdala ng mga payong at pantakip na plastik upang hindi mabasa ang mga kagamitan.

- **Sirang kagamitan**

Kung biglang nasira ang mga kagamitan habang nagpapalabas ng pelikula at hindi na ito maaaring ayusin ng mabilisan, magbahagi na lamang ng kuwento na galing sa pelikula. Pagkatapos nito, anyayahan na ang mga nais tumanggap kay Cristo. Dapat ay nakahanda din ang mga Tagapayo na magbigay ng kanilang mga patotoo. Tawagin ang mga Tagapayo na magbibigay ng patotoo. Sabihin sa mga manonood kung kailan at saan ang susunod na pagtatanghal ng pelikula.

- **Nakansela ang permiso**

Kung biglang nakansela ang permiso na magpalabas ng pelikula, tingnan kung maaaring ihanda at ayusin ang mga kagamitan sa pinakamalapit na susunod na nayon.

- **Maliwanag na ilaw sa lansangan**

Gamit ang isang mahabang tikin, takpan ang maliwanag na ilaw ng itim na tolda (*canvas bag*).

**** NGAYON AY HANDA NA TAYONG MAGPALABAS NG PELIKULA ****

Ang mga kagamitan ng CSCFM ay para lamang sa ministeryo ng pagtatanghal ng pelikula. HINDI ito maaaring gamitin sa mga gawaing simbahan tulad ng lingguhang pagsamba at ibang gawain na walang kinalaman sa CSCFM.

PAGSUBAYBAY (FOLLOW-UP)

Ang pagsubaybay sa mga tumanggap kay Cristo ang pangalawa sa pinakamahalagang bahagi ng Pagtatanghal ng Pelikula.

Responsibilidad ng Pastor at mga miyembro ng nagtangkilik na Iglesia na subaybayan ang mga bagong mananampalataya dahil ang CSCFM ay isa lamang kasangkapan na tumutulong sa mga lokal na Iglesia sa paghatid ng mensahe ng kaligtasan sa mga hindi pa nakakakilala kay Cristo.

Ang mga miyembro ng Iglesia at grupo ay dapat magsanay upang maging mga Tagapayo. Sila ang susubaybay sa mga bagong mananampalataya. Ito ang pagkakaiba ng pagpapalabas ng pelikula para magbahagi ng Ebanghelyo at ng pelikulang pang-alihw lamang.

Ang pagsubaybay matapos ang pagtatanghal ng pelikula ay binubuo ng mga sumusunod:

- Mahusay at malinaw na pag-anyaya sa mga nais tumanggap kay Cristo
- Ang mga Tagapayo ay nakahanda upang magbigay ng tulong sa mga taong tumugon sa paanyaya.
- Pagbibigay ng mga Biblia, Bagong Tipan at *Gospel tract*
- Pagkuha ng pangalan at tirahan ng mga tumanggap kay Cristo upang sila ay patuloy na masubaybayan
- Ipanalangin ang mga bagong mananampalataya.
- Bago magsialisan ang tao, agad-agad na ipahayag kung kailan at saan gaganapin ang unang pagpupulong ng mga bagong mananampalataya.

Kinabukasan matapos ang pagtatanghal ng pelikula, bisitahin ang mga bagong mananampalataya sa kanilang tahanan at kumpirmahin ang kanilang naging pasiya. Siguraduhin na ang mga tumanggap kay Cristo ay mauunang magkaroon ng pagsubaybay (**Apendiks 18**). Susunod naman ang mga nagnanais na makakuha pa ng ilang impormasyon bago nila gawin ang pagtanggap kay Cristo o ang ibang nagnanais makadalo sa pag-aaral ng Biblia. Mahalagang gawin ang hakbang na ito lalo na sa mga lugar na hindi maaaring gawin sa publiko ang pag-anyaya sa pagtanggap kay Cristo dahil na rin sa ito ay ipinagbabawal ng kanilang kultura, relihiyon o pulitika.

PAGKUHA AT PAGTALA NG DATOS

MGA TALAAN PARA SA CSCFM FIELD REPORT

Mga kinakailangang impormasyon:

Ipasa ang mga datos sa *CSCFM database* sa www.ChristiansSharingChrist.org bago ang ikalimang araw (5th day) ng susunod na buwan! Gamitin ang *CSCFM Monthly Field Report Sheet* (**Apendiks 20**) para itala ang araw-araw at buwanang impormasyon na kakailanganin sa katapusan ng buwan. Maaaring gamitin ang *CSCFM Monthly Field Report Sheet* (**Apendiks 20**) upang itala ang mga datos bago ito ipasok sa *CSCFM database*.

- 1 — ilan ang naipalabas na pelikula
- 2 — ilang ang dumalo (*Attendance*)
- 3 — ilan ang tumanggap kay Cristo
- 4 — ilan ang naipamahaging *Gospel tract*
- 5 — ilan ang naipamahaging Biblia/Bagong Tipan
- 6 — ilan ang kurso ng pagbabahagi ng Ebanghelyo (Para sa Latin Amerika lamang)
- 7 — ilan ang mga sinanay upang magbahagi ng Ebanghelyo
- 8 — ilan ang naitayo na bagong Iglesia

Mga Naipalabas na Pelikula: Ang bawat grupo ng CSCFM ay kinakailangan na makapagpalabas ng pelikula na hindi bababa sa walong (8) pelikula sa isang buwan o siyamnapu't anim (96) na pelikula sa isang taon. Sa pagtatapos ng ika-tatlong buwan, susuriin ang paglago ng ministryo ng bawat grupo ng CSCFM. Kung ang bilang ng naipalabas na pelikula ay mas mababa sa bilang na inaasahan, tatawagan ng pansin ng Direktor ng CSCFM ang inyong grupo.

Bukod sa buwanang pagpasa ng mga datos sa *CSCFM database*, nais din ng CSCFM na makatanggap ng mga naisulat na patotoo—mga kakaibang karanasan o himala ng Dios habang isinasagawa ang pagtatanghal ng pelikula. **(Apendiks 15-Mga Halimbawa ng Patotoo)** Mas mainam kung mayroon *digital picture at high-quality video* na maipapadala ang bawat grupo. Ang mga ito ay makakatulong upang maibahagi namin sa mga sumusuporta sa CSCFM kung paano lumalago ang ministryo ng pagtatanghal ng pelikula. Maaaring ipadala ang mga ito sa cscreport@aol.com (*e-mail*¹⁷).

PAALALA: Ang mga patotoo at larawan ay ipinapadala sa mga sumusuporta sa CSCFM at kasapi ng CSCFM sa buong mundo upang lalong pasiglahin ang kanilang loob. Ito ay makakatulong upang dumami ang makabatid at sumuporta sa ating ministryo.

Sa hinaharap, magkakaroon ng mga karagdagang pahina sa www.ChristiansSharingChrist.org kung saan maaari kayong mag-*upload* ng mga larawan, patotoo at mga bagay na nais maipanalangin. Kapag nangyari ito, hindi na ninyo kailangan magpadala ng *e-mail* sa cscreport@aol.com.

Ang mga sumusunod ay hindi naman kailangan ngunit maaaring itala para sa inyong kaalaman:

- 9 — Pangalan ng Iglesia o Samahang Pangmisyon na nagtangkilik at sumuporta sa pagtatanghal ng pelikula
- 10 — Bayan/nayon kung saan ginanap ang pagtatanghal
- 11 — Wikang ginamit ng pinalabas na pelikula
- 12 — Petsa ng pagtatanghal ng pelikula

PAALALA: HUWAG kailanman mag-imbento ng impormasyon. Mas mahalaga ang maging tapat at wasto sa pag-ulat kaysa mga numero. Ang mga numero na inyong iuulat ay HINDI magpapasiya sa suportang inyong matatanggap.

**** Ang hindi sumunod sa mga patakaran ay hindi makakatanggap ng suporta. ****

* * * * *

WALANG ULAT, WALANG SUPORTA!

¹⁷ E-mail - ito ay isang paraan ng pagpapadala ng liham gamit ang computer at internet

MGA TAGUBILIN SA PAGTATALA NG DATOS

ANG PAGTALA NG DATOS GAMIT ANG INTERNET

Mga Dapat Tandaan:

Kung nakumpleto na ang bawat buwan, dapat ipadala ng pinuno ng group ang mga hinihinging impormasyon sa Amerika sa pamamagitan ng pagtatala ng datos sa *website* ng Christians Sharing Christ. Makikita agad ng Direktor ng CSCFM sa Bansa ang impormasyon matapos na mailagay sa *website*.

Ang bawat grupo ay bibigyan ng sariling **User Name** o **User ID** at **password**. Gagamitin ang mga ito para makapasok sa *website* ng Christians Sharing Christ (www.ChristiansSharingChrist.org). Ang **User Name** at **password** ay ibibigay ng CSCFM sa inyo.

*****MAHALAGANG PAALALA***** Sensitibo sa malaki o maliit na titik ang **User Name** at **password** kaya dapat ilagay ang mga ito ng tama. (**Apendiks 2**) Kapag natanggap na ang inyong **User Name** at **password** isulat ito sa patlang sa ibaba:

User Name _____

Password _____

Pagtala ng Datos sa CSCFM Website:

Gamit ang *computer* na nakakonekta sa *internet*, pumunta sa CSCFM *website* (**Apendiks 1**). Ito ang *web address* ng CSCFM: <http://www.christianssharingchrist.org>

Pindutin ang **Enter Missionary Area** upang lumabas ang *pop-up screen* kung saan ipapasok ang **User Name** at **password**. Kapag nailagay na ang **User Name** at **password**, pindutin ang **Login** (**Apendiks 2**).

Kung tama ang inilagay mong **User Name** at **password**, makakapasok ka sa **Missionary Area** at makikita mo ang **Missionary Data Entry**. (**Apendiks 3**) Kung mali naman ang nailagay mong **User Name** at **password**, may mensaheng lalabas na nagsasabi na mali ang ipinasok mong **User Name** at **password**.

Kapag nasa loob na ng **Missionary Area**, piliin ang wikang nais mong gamitin: Ingles (English) o Espanyol (Spanish). Pindutin ang **Missionary Data Entry** sa ilalim ng napili mong wika. Sa **Missionary Data Entry**, maaari mo nang itala ang mga datos at impormasyon. (**Apendiks 4**) Gamitin ang *Tab* ng *keyboard* o ang *mouse pointer* ng *computer* para lumipat sa iba't ibang lugar na paglalagyan ng mga datos (halimbawa: *year*, *month*, *number of film presentation*¹⁸, atbp). Maglagay lamang ng numero. Kung maglalagay ka ng "nil" para sa 0 (zero), makakatanggap ka ng mensahe na mali ang iyong nilagay (error message).

¹⁸ Year-taon, month-buwan, number of film presentation-bilang ng naipalabas na pelikula

PAALALA: Ang *Evangelism Course* ay para lamang sa mga grupo sa Latin Amerika. Maaaring ilagay ang 0 (zero) kung wala naman datos para dito.

Kapag natapos nang mailagay ang lahat ng datos, pindutin ang **Send Data to CSCFM** para maipadala na ang mga datos sa amin. Siguraduhin na tama ang lahat ng datos bago pindutin ang **Send Data to CSCFM**. Dapat tandaan din na isang set ng datos lamang ang maaaring ipasok sa bawat buwan kaya siguraduhin na tama ang lahat ng impormasyon bago pindutin ang **Send Data to CSCFM**.

*****MAHALAGANG PAALALA***** Kapag napindot na ang **Send Data to CSCFM**, ang lahat ng datos ay hindi na maaaring baguhin. Kung sakaling nagkamali sa nailagay na datos, magpadala agad ng *e-mail* sa CSCFM. Isulat ang lahat ng detalye na kailangang baguhin.

Para sa mga nasa Asya, ipadala ang *e-mail* sa cscfmteamsupport@gmail.com

Para sa mga nasa Aprika, ipadala ang *e-mail* sa cscfmafrica@yahoo.com

Para sa mga nasa Latin Amerika, ipadala *e-mail* sa cslatinoam@gmail.com

Kung nailagay at naipadala na ang lahat ng datos, lalabas sa screen ang buod ng naitalang datos ng inyong grupo. Makikita sa buod ang lahat ng datos ng kasalukuyang taon at ang kabuuan ng datos para sa taon na iyon. **(Apendiks 5)**

Matapos repasuhin ang buod ng datos sa taon na iyon, maaari nang umalis sa *website* sa pamamagitan ng pagpindot sa **Logout**. Sa pagtatapos ng bawat taon, pagsasamahin ng CSCFM ang lahat ng datos na inilagay ng bawat grupo ng CSCFM sa buong mundo. **(Apendiks 8)**

TANDAAN: Kung may problema o katanungan, magpadala ng *e-mail* kay Roger sa cscfm.admin@gmail.com.

Manwal sa Pagsasanay at mga Materyales:

Sa www.ChristiansSharingChrist.org, maaari mong makita at mabasa ang pinakabagong Manwal sa Pagsasanay ng CSCFM (may mga pagbabagong ginagawa paminsan-minsan). Pindutin ang **CSCFM Training Manual (Apendiks 3)** para mabuksan ang pagpipilian. **(Apendiks 6)** Depende sa *computer* na gamit mo, maaari kang pumili ng gagamiting manwal: PDF, DOC, HTML. Kung pipiliin mo ang PDF, kailangan nito ang Adobe Acrobat Reader para mabuksan mo ang dokumento. Kung pipiliin mo ang DOC, kailangan nito ang Microsoft Word o OpenOffice para mabuksan mo ang dokumento. (Ang OpenOffice ay isang libreng *software* na tulad din ng Microsoft Word.) Kung wala sa dalawa ang maaaring gamitin, piliin mo ang HTML. Maaari mong ilimbag ang dokumento mula sa HTML gamit ang *printer* (sa HTML maaaring hindi maganda ang kalabasan ng dokumento).

Mga Bagong Link (Web Access) sa Hinaharap

Sa hinaharap, magkakaroon ng mga bagong link na maaari mong puntahan at gamitin. **(Apendiks 7)** Maaari ka nang magpaskil ng mga nais mong maipanalangin, mga patotoo, mga ulat ng papuri, mga larawan, mga hindi pangkaraniwang pangyayari, o mga kuwento na may kinalalaman sa ating gawain. Ipapaalam namin sa inyo kung tapos na ang mga bagong link. Ang mga ipapaskil dito ay makikita at mababasa ng lahat ng kasapi sa pamilya ng CSCFM.


APENDIKS 1

CSCFM WEBSITE: <http://www.christianssharingchrist.org>



APENDIKS 2

CSC MISSIONARY AREA LOGIN (POP-UP SCREEN)



APENDIKS 3

MISSIONARY DATA AREA



APENDIKS 4

MISSIONARY DATA ENTRY FIELD REPORT



APENDIKS 5

MISSIONARY YEARLY FIELD REPORT

http://christiansharing.net.org/usa/year-report.php - Windows Internet Explorer

http://christiansharing.net.org/usa/year-report.php

File Edit View Favorites Tools Help

Downloaded Sites Web Site Gallery

http://christiansharing.net.org/usa/year-report.php

CSC Year Report For Example

Year	Country	Month	Member	Showing	Attended	Christ	Green	Given	Courses	Trained	Churches
2011	India	January	Example	8	1120	202	0	60	0	1	1
2011	India	February	Example	8	1070	321	0	60	0	1	1
2011	India	March	Example	10	1054	849	100	80	0	2	2
2011	India	April	Example	9	1014	379	50	80	0	2	4
2011	India	May	Example	9	1205	297	100	30	0	1	1
2011	India	June	Example	7	1168	576	80	100	0	1	1
2011	India	July	Example	8	1120	279	100	50	0	1	1
2011	India	August	Example	9	1099	156	200	80	0	2	2
2011	India	September	Example	8	9432	543	50	50	1	2	2
2011	India	October	Example	10	8060	4712	50	80	0	2	2
2011	India	November	Example	10	2540	1020	200	40	0	2	2
2011	India	December	Example	10	6210	8660	100	0	0	2	1
Year	Country	Month	Member	Showing	Attended	Received	Tracts	Witness	Evangelism	People	Started
2011			12	104	24956	43629	1020	630	2	21	22

Add Another Record Log Out

Done

Mark 2011 Complete CSC Tra... 2011 Training Manual po... FilePadre Platinum 25... Contact Info - Windows... http://christiansharing.net...

APENDIKS 6

MANUAL SA PAGSASANAY

Download the CSC Training Manual - Windows Internet Explorer

http://www.christiansharing.net.org/usa/Training_manual.htm

File Edit View Favorites Tools Help

Downloaded Sites Web Site Gallery

Download the CSC Training Manual

Leading the Lost to the Cross
Through Film Evangelism

Christians Sharing Christ
Film Ministries

Please visit the new website for Christians Sharing Christ Film Ministries at www.cscfm.org

PDF 1.51MB You will need Adobe Acrobat Reader to view the PDF file. You can download the latest version of Adobe Acrobat Reader for free <http://www.adobe.com/acrobat/>

DOCX 60KB You will need Microsoft Word or OpenOffice.org to view the DOCX file. OpenOffice.org is a free alternative to Microsoft Office. You may learn more about OpenOffice.org at <http://www.openoffice.org/office.htm> You may download OpenOffice for free at <http://www.openoffice.org/office.htm>

HTML You do not need to install any software. You can view the Training Manual in your browser itself.

http://www.openoffice.org/office.htm



Mark 2011 Complete CSC Tra... 2011 Training Manual po... FilePadre Platinum 25... Contact Info - Windows... Download the CSC Tra...

APENDIKS 7

MGA BAGONG LINK (WEB ACCESS) SA HINAHARAP

Ang mga link na ito ay hindi pa maaaring gamitin sa ngayon. Ipapaalam namin sa inyo kung tapos na at maaari nang gamitin ang mga link na ito.

Prayer Requests & CSCFM Bulletin Board Forum





APENDIKS 8

CSCFM TEAM YEARLY REPORT

Christians Sharing Christ Film Ministries 2010 REPORT

COUNTRY	# OF FILM TEAMS	# OF PEOPLE RECEIVING CHRIST
Central & South America		
Argentina	1	433
Bolivia	3	327
Bolivia	3	5,832
Colombia	1	282
Costa Rica	8	4,148
Ecuador	7	25,472
El Salvador	7	4,313
Guatemala	8	7,852
Honduras	7	1,480
Nicaragua	7	3,473
Panama	3	3,497
Peru	8	4,292
Uruguay	1	744
Africa		
Bangladesh	1	137
India	48	39,868
Niger	8	3,182
Pakistan	1	3,779
Philippines	4	15,890
Si Lanka	1	58
Africa		
Burkina Faso	2	80
Kenya	4	4,491
Liberia	1	7,812
Nigeria	1	754
Rwanda	2	1,835
Tanzania	2	548
Uganda	8	8,499
New Teams in Startup / Training in a new		
Total Teams & Number Receiving Christ	137	143,792
2010 Totals		
# of Film Showings		15,140
# of People Watching Film Showings		1,488,185
# of Tracts Given Out		793,815
# of People Trained for Evangelism		21,282
# of Churches or Home Groups Founded		1,204
2010 Averages		
Average # of People Per Film Showing		112
Average % of People Won to Jesus Per Film Showing		8.5%
Cost to Win 1 Soul to Jesus		\$9.81
Christians Sharing Christ Film Ministries	Patrick Callahan 318-613-2008	
P.O. Box 908	www.cscfm.org	
Liberty, LA 71348	cscmfministry@aol.com	



CSCFM Board of Directors:
Patrick Callahan—President
Roger Corley
Nathan Bransola


W.D. Step Martin—Chairman of Board
Wayne Jenkins
Bobbie Kirkland
Nathan Martin

MAPA NA NAHATI SA MGA SONA (1)



APENDIKS 10

MAPA NA NAHATI SA MGA SONA (2)



APENDIKS 11

HALIMBAWA KUNG PAANO TATAPUSIN ANG PAGTATANGHAL NG PELIKULA (1)

ANG PAANYAYA AY GAGAWIN NG PUNONG-ABALA, TAGAPAGSALITA O PASTOR NG NAGTANGKILIK NA IGLESIA KASAMA ANG MGA SINANAY NA TAGAPAYO

Bago simulan ang pelikula, sabihin sa mga manonood na may mahalagang impormasyon na ibibigay pagkatapos ng palabas.

Kapag natapos na ang pelikula, ang Punong-Abala, Tagapagsalita, o Pastor ay tatayo sa harapan, gagamitin ang mikropono, at magbibigay ng tagubilin. Ito ang maaaring sabihin:

“Ngayon gabi, ang sinuman na nakapagpasiyang maging tagasunod ni Jesucristo, ang sinuman na nais tanggapin Siya bilang kaniyang Tagapagligtas, hinihiling kong lumapit kayo dito sa harapan. Nais namin kayong ipanalangin at tulungan na masiguro na si Jesucristo nga ay nananahan na sa inyong buhay, na kayo ay pinatawad na sa inyong mga kasalanan, at Siya ay inyong Tagapagligtas. Hinihiling ko ang mga kalalakihan na magtipon sa bandang kanan, ang mga kababaihan naman ay magtipon sa bandang kaliwa, at ang mga kabataan na nasa edad na 12 pababa ay magtipon sa gitna. Ang mga nais nang umalis ay maaari nang lumabas. Sa mga tumanggap kay Cristo ngayon gabi, o sa inyo na mga Kristiyano na, ipinapaalam ko lang na magkakaroon tayo ng pagpupulong dito (o sa ibang lugar) bukas ng gabi upang pag-usapan kung paano palalaguin ang ating relasyon kay Cristo. Maaari na kayong umalis.”

Habang nag-aanyaya ang Punong-Abala, Tagapagsalita o Pastor, ang mga Tagapayo ay nakakalat sa mga manonood. Matapos ang pag-anyaya, ang mga Tagapayo ay pupunta sa kanilang puwesto. Habang lumalapit ang mga manonood, ang mga Tagapayo naman ay nagpapakita ng mainit na pagtanggap sa kanila. Hinihimok din ng mga Tagapayo ang mga manonood na lumapit sa harapan. Ang mga Tagapayo ay laging nakangiti at magiliw. Huwag kalimutang ipakilala ang sarili. Pagaanin ang pakiramdam ng mga lalapit.

Magbuo ang bawat Tagapayo ng maliit ng grupo. Ipamigay ang mga *Gospel tract* sa bawat tao na nasa maliit na grupo. Ituro sa grupo ang nilalaman ng *Gospel tract*. Kung mayroon tanong, sagutin ang mga ito ngunit huwag lalayo sa paksa. Siguraduhin na lahat ay nabigyan ng *Gospel tract* at Biblia/ Bagong Tipan.

Kung tapos na ang pagtuturo sa nilalaman ng *Gospel tract*, pangunahan ang mga tumanggap kay Cristo sa isang panalangin. Ang panalangin ay makakatulong upang makasiguro sang mga tumanggap kay Cristo sa kanilang naging pasiya.

Isusulat ng mga Tagapayo sa *Follow-Up Card* ang mga pangalan ng mga tumanggap kay Cristo. Sabihan ang mga bagong mananampalataya na magkakaroon ng unang pagpupulong na inihanda ng nagtangkilik na Iglesia. Sabihin ang petsa, oras at lugar kung saan gaganapin ang pagpupulong. Habang pinupulong at pinagdarasal ng mga Tagapayo ang kani-kanilang grupo, ang Tagapangasiwa ng *Projector* at iba pang miyembro ng grupo ay tahimik na magliligpit ng mga kagamitan. (Sa panahon ng pagtatanghal, huwag na huwag kailanman na iwan ang mga kagamitan ng walang bantay upang hindi ito mawala o nakawin.)

Kolektahin ang mga *Follow-Up Card* at ibigay sa Tagapangasiwa ng Pagsubaybay o sa Pastor ng nagtangkilik na Iglesia. Kung tapos na ang lahat ng gawain, tipunin ang grupo at sandaling magbigay ng papuri sa Dios.

APENDIKS 12

HALIMBAWA KUNG PAANO TATAPUSIN ANG PAGTATANGHAL NG PELIKULA (2)

ANG PAANYAYA AY GAGAWIN NG PUNONG-ABALA, TAGAPAGSALITA O PASTOR NG NAGTANGKILIK NA IGLESIA NGUNIT WALA ANG MGA TAGAPAYO

PAALALA SA PINUNO: MAS MAINAM NA MAGKAROON NG MGA SINANAY NA TAGAPAYO UPANG MATULUNGAN ANG MGA TUMANGGAP KAY CRISTO NA MASIGURO O MAUNAWAAN ANG KANILANG NAGING PASIYA, AT MAY KUMASAP SA MGA MAY KATANUNGAN O NAIS PANG MALIWANAGAN, NAIS MAIPAGDASAL, AT IBA PA. NGUNIT MAY MGA PAGKAKATAON AT HINDI MAIIWASAN NA WALANG MAKUKUHANG MGA TAGAPAYO.

Sa pagtatapos ng pelikula, ang Punong-Abala, Tagapagsalita, o Pastor ay tatayo sa harapan, gagamitin ang mikropono, at magbibigay ng tagubilin. Ito ang maaaring sabihin:

“Ngayon gabi, ang sinuman na nakapagpasiyang maging tagasunod ni Jesucristo, ang sinuman na nais tanggapin Siya bilang kaniyang Tagapagligtas, hinihiling kong lumapit kayo dito sa harapan. Nais kong kausapin kayo at ipanalangin.

“Sa mga tumanggap kay Cristo ngayon gabi, o sa inyo na mga Kristiyano na, ipinapaalam ko lang na magkakaroon tayo ng pagpupulong dito (o sa ibang lugar) bukas ng gabi upang pag-usapan natin kung paano palalaguin ang ating relasyon kay Cristo. Maaari na kayong umalis.”

Kung walang mga Tagapayo, ang ilang miyembro ng grupo ang sasagot at mananalangin sa mga tumanggap kay Cristo. Sila din ang magbibigay ng *Follow-Up Card*, *Gospel tract*, at Biblia/Bagong Tipan.

Habang pinupulong at pinagdarasal ng mga miyembro ng grupo ang mga tumanggap kay Cristo, ang Tagapangasiwa ng *Projector* at iba pang miyembro ng grupo ay tahimik na magliligpit ng mga kagamitan. (Sa panahon ng pagtatanghal, huwag na huwag kailanman na iwan ang mga kagamitan ng walang bantay upang hindi ito mawala o nakawin.)

Kolektahin ang mga *Follow-Up Card* at ibigay sa Tagapangasiwa ng Pagsubaybay o sa Pastor ng nagtangkilik na Iglesia. Kung tapos na ang lahat ng gawain, tipunin ang grupo at sandaling magbigay ng papuri sa Dios.

APENDIKS 13

HALIMBAWA KUNG PAANO TATAPUSIN ANG PAGTATANGHAL NG PELIKULA (3)

WALANG MAGAGANAP NA PAANYAYA PAG NATAPOS NA ANG PALABAS AT WALA DIN ANG MGA TAGAPAYO

PAALALA SA PINUNO: ANG PAMAMARAAN NA ITO AY HINDI MAGIGING MABISA KUNG IKUKUMPARA SA MGA NAUNANG HALIMBAWA KUNG PAANO TATAPUSIN ANG PAGTATANGHAL NG PELIKULA. GAGAMITIN LAMANG ANG PAMAMARAAN NA ITO SA MGA PAGKAKATAON NA HINDI MAAARI ANG PAMPUBLIKONG PAANYAYA SA MGA SUMUSUNOD NA DAHILAN: KAUNTI LAMANG ANG ORAS, MAY MGA ALITUNTUNIN NA DAPAT SUNDIN SA PAGGAMIT NG LUGAR, O MAHIGPIT ITONG IPINAGBABAWAL NG GOBYERNO O RELIHIYON. KUNG MAAARI, PASAGUTAN NA LAMANG ANG MGA *FOLLOW-UP CARD* SA MGA MANONOOD PAGKATAPOS NG PALABAS.

Hayaan na matapos ang pelikula. Kapag natapos na ang pelikula, pangunahan ang mga manonood sa isang panalangin. Kahit na hindi lantaran na maibabahagi ng mga manonood ang kanilang pananampalataya, asahan pa din na marami sa mga manonood ang nais na isuko ang kanilang buhay sa Panginoon.

Sa pagtatapos ng pelikula, ito ay maaaring sabihin ng Punong-Abala:

“Maraming salamat sa pagdalo ninyo sa ating pagtatanghal ngayon gabi. Kung nais ninyong bisitahin namin kayo sa ibang araw, maaari po ninyong sagutan ang *Follow-Up Card* na aming ipamimigay. Mananatili po ang aming grupo kahit sandali upang ipanalangin ang mga nais maipanalangin, o sagutin ang mga katanungan ninyo kung mayroon man. Magkakaroon po muli ng pagpupulong dito (o sa ibang lugar) bukas ng gabi upang pag-usapan natin ang iba pang mga bagay. Maaari po kayong magpunta dito at makipag-usap sa amin kung mayroon po kayong mga katanungan pa.”

Habang nag-iikot at nakikihalubilo ang mga miyembro ng grupo sa mga manonood, ang Tagapangasiwa ng *Projector* at iba pang miyembro ng grupo ay tahimik na magliligpit ng mga kagamitan. (Sa panahon ng pagtatanghal, huwag na huwag kailanman na iwan ang mga kagamitan ng walang bantay upang hindi ito mawala o nakawin.)

Kolektahin ang mga *Follow-Up Card* at ibigay sa Tagapangasiwa ng Pagsubaybay o sa Pastor ng nagtangkilik na Iglesia. Kung tapos na ang lahat ng gawain, tipunin ang grupo at sandaling magbigay ng papuri sa Dios.

APENDIKS 14

HALIMBAWA NG *SCRIPT* PARA SA PAGPUPULONG KASAMA ANG PINUNO O OPISYALES NG NAYON O BARANGAY

Magandang araw po, (pangalan ng opisyal/pinuno). Ako po si (ang iyong pangalan) at siya naman po ay si (ang pangalan ng kasama mo). Kami po ay galing sa (kung sino ang inyong kinakatawan). Narito

po kami upang humingi ng inyong pahintulot na makapagpalabas ng pelikula dito sa (pangalan ng lugar). Ang pamagat po ng pelikula ay JESUS. Ito po ay kuwento ng buhay ni Jesus at 2 oras po ang haba ng pelikulang ito. Hango po ang kuwentong ito sa Biblia, mula sa Ebanghelyo ni Lucas. Ang pelikulang ito ay naisalin na sa iba't ibang wika. Maraming tao na ang nakapanood ng pelikulang ito, mula pa sa mga bansa sa Europa, Amerika, sa mga kagubatan sa Aprika at Timog Amerika. Ngayon po ay may pagkakataong maipalabas ang pelikulang ito dito sa (pangalan ng lugar) at mapapanood ito sa sarili ninyong wika.

Lubos po namin ikagagalak kung kami ay mabibigyan ng pahintulot na magtanghal ng pelikula sa (mga residente, kumpanya, paaralan, atbp). Maaari po ba kaming magtanghal sa (petsa, oras at lugar)? (Magkasundo sa petsa, oras at lugar)

Maraming salamat po sa inyong oras, (pangalan ng opisyal/pinuno). Maaari po ba kayong makadalo sa pagtatanghal ng pelikula at hilingin na makapagbigay ng pagbati sa mga manonood? Inaanyayahan na din po namin kayong manood ng pelikula na aming ipapalabas. Kami ay umaasa sa inyong pagdating. (Sabihin kung saan at kailan gaganapin ang pagtatanghal ng pelikula.)

APENDIKS 15

MGA HALIMBAWA NG PATOTO

GUATEMALA:

Sa loob ng maraming taon, sa Zone 1 ng Lungsod ng Guatemala ay mayroon Kristianong Iglesia na ang pangalan ay “Roca de Ayuda.” Ang iglesiang ito ay mayroon lamang labinlimang (15) miyembro. Nakipag-usap ang CSCFM sa Iglesiang ito tungkol sa kanilang *evangelistic outreach* at ang layunin nila ay makahikayat ng bagong miyembro sa pamamagitan ng ministeryo ng pagtatanghal ng pelikula. Tinanggap ng Iglesia ang hamon na ito na makapagpalabas ng ilang pelikula tuwing katapusan sa loob ng 2 buwan. Pitongpung (70) bagong miyembro ang naidagdag sa iglesia matapos makapagpalabas ang CSCFM ng maraming pelikula.

Ang pastor ng Iglesia ay lubos na nagpapasalamat sa CSCFM dahil sa kamangha-manghang gawain na ito na naging hamon sa kanilang pangitain na magpatuloy sa paglago. Purihin ang Dios sa nangyari!!!

EL SALVADOR:

“Nais kong ipagpatuloy na makatrabaho kayo.” Ito ang mga salita ng pastor mula sa isang Iglesia sa Chalchuapa, El Salvador matapos namin na ipalabas ang pelikula ng Burning Hell. Nasaksihan niya ang napakaraming kalalakihan, kababaihan at mga kabataan na naimpluwensiyahan ng pelikulang ito. Marami ang lumapit kay Cristo matapos maramdaman ang pangangailangan ng maligtas, at masaya kami sa bawat isa sa kanila. Purihin ang Dios!!!

HONDURAS:

Sa isang bahay sa bayan ng Choluteca, naanyayahan ang CSCFM na magpalabas ng pelikula sa isang malaking salu-salo. Tatlong daan at pitumpu't limang (75) hindi Kristiyano ang dumalo sa salu-salo. Nakakagulat makita na pinili ng mga hindi Kristiyano ang manood ng pelikula kaysa makipagsaya. Pagkatapos ng palabas, 7 tao ang tumanggap kay Cristo bilang kanilang Tagapagligtas. Ang pitong (7) bagong mananampalataya ay naging tapat sa kanilang pananampalataya at paglilingkod sa Dios.

NICARAGUA:

Sa hilagang bahagi ng Nicaragua ay may isang siyudad na ang pangalan ay Boaco. Dito ay naimbitahan ang CSCFM na magpalabas ng pelikula na may pamagat ng With Whom Will You Go. Maraming tao ang dumalo sa pagtatanghal ng pelikula. May isang babae ang nanood ng pelikula; siya ay may sakit at nawalan na ng pag-asa sapagka't sabi ng mga manggagamot ay baliktad ang kaniyang bahay-bata. Habang siya ay nanonood, ang kaniyang puso ay hinipo ng Panginoon. Nagkaroon siya muli ng pag-asa. Sa pagtatapos ng pelikula, tinanggap niya si Jesus. Hiniling niya na siya ay aming ipanalangin. Hiniling niya na magkaroon ng milagro sa kaniyang katawan. Nang sumunod na linggo, sinabi niya na pinagaling na siya ng Panginoon. Salamat sa Dios dahil nang gabing iyon, hindi lamang siya nakatanggap ng kaligtasan ngunit nakatanggap din siya ng pagpapagaling.

COSTA RICA:

Si Carlos, may edad na 18, ay dumalo sa isang pagtatanghal ng pelikula sa Punta Arenas. Ang binatang ito ay isa sa mga kinatatakutang magnanakaw sa kanilang lugar. Siya ay inuusig ng mga pulis at ang kaniyang larawan ay nakapaskil sa iba't ibang himpilan ng pulisya.

Lubos na naapektuhan ang binatang ito nang kaniyang mapanood ang pelikulang Escape from Hell. Lumapit siya sa panahon ng pag-anyaya sa mga nais tumanggap kay Jesus. Hiniling din niya na siya ay aming ipanalangin dahil labis siyang nagsisisi sa lahat ng pagkakamaling nagawa niya. Pakiramdam niya ay wala nang kayang magpatawad sa kaniya. Sinabi namin sa kaniya na mahal siya ni Jesus at kaya siyang patawarin ni Jesus. Kinuwento namin ang tungkol sa magnanakaw na kasama ni Jesus sa krus at kung paano siya pinatawad. Kaya naman tinanggap ni Carlos si Jesus bilang sariling Tagapagligtas!!! Nang gabing iyon, hinuli siya ng mga pulis. Ngunit naniniwala si Carlos na siya ay malaya na sapagka't kahit sa kulungan ay nararamdaman niya si Jesus sa kaniyang puso at kumikilos sa buhay niya.

ECUADOR:


Pinalabas namin ang pelikulang The Burning Hell sa isang lugar sa lungsod ng Machala. Isa sa mga manonood ay isang lasinggero na natutulog sa kalye sa ilalim ng tulay. Nang gabing iyon, sa panahon ng paanyaya, ang lasinggerong ito ay tumanggap kay Cristo. Ngayon ay naghahanap na siya ng mapapasukang trabaho at bumalik na din siya sa kaniyang pamilya. Hiniling din niya sa kanila na siya ay kanilang patawarin.

APENDIKS 16

LISTAHAN NG MGA KAGAMITAN

- _____ Matibay na lalagyan ng mga kagamitan na may kasamang trangkahan (*latch*)
- _____ *Video projector* na may kasamang malinis na *air/dust filter* (isinasaksak sa *UPS battery backup outlet*)
- _____ *DVD player* (isinasaksak sa *UPS battery backup outlet* o *power strip*)
- _____ *Amplifier/speakers* (isinasaksak sa *UPS battery backup outlet* o *power strip*)
- _____ *UPS 600 watts minimum Surge Protector* (isinasaksak sa *extension cord*)
- _____ *Power strip* na may *on/off switch* (pangmatagalang gamit)
- _____ *Extension cord*, 15-30 metro ang haba (50-100 ft), upang maitago ang *generator* sa likod ng building at mabawasan ang ingay. Mga karagdagang kable para pagkabitan ng mga kagamitan.
- _____ Mga pelikula/palabas (huwag dalhin ang lahat ng pelikula sa lugar ng pagtatanghalan upang hindi manakaw, magdala lamang ng 1 o 2)
- _____ *Screen* o puting tela. Maaari din gamitin ang puting pader ng gusali (mga makakapal na lubid, panali, poste, atbp)
- _____ *Generator* at karagdagang gasulina, langis, at *spark plug* (kung kasama sa paghahanda ng gamit)
- _____ Sari-saring kagamitan (kutsilyo, *flashlight*, martilyo, panali, *tape*, atbp)
- _____ Follow-Up Card at lapis (pencil) na gagamitin ng mga Tagapayo sa pansulat ng pangalan at tirahan ng mga manonood
- _____ *Gospel tract*, Biblia/Bagong Tipan
- _____ *Plastic cover* na pangtakip sa mga kagamitan kung sakaling umual
- _____ *Camera* (kung mayroon)

AYOS NG MGA KAGAMITAN



APENDIKS 17

TALAKDAAN AT LISTAHAN PARA SA LUGAR NA PAGTATANGHALAN NG PELIKULA

- _____ Ihanda at ayusin ang mga kagamitan 1-2 oras bago magsimula ang pagtatanghalan o habang may araw pa. Kung nakaayos na ang mga kagamitan, may isang miyembro ng grupo ang maiiwan upang magbantay ng kagamitan. HUWAG iiwan ang mga kagamitan nang walang bantay.
- _____ Siguraduhin na ang mga saksakan at de-kuryenteng kable ay nasa ligtas at maayos na lugar. Ihanda din ang *generator* kung kinakailangan at subukan kung ito ay umaandar. **(Apendiks 16 Ayos ng mga Kagamitan)** Gumamit ng *UPS/Voltage regulator* upang makontrol ang daloy ng kuryente mula sa generator.
- _____ Subukan ang mga kagamitan kung ito ay gumagana nang maayos (*video projector, DVD player, amplifier/speaker, mikropono*). Siguraduhin na malinaw ang tunog na lalabas mulas sa *amplifier/speaker*.
- _____ Subukan ang pelikula kung malinaw ba itong naipapalabas sa screen.
- _____ Siguraduhin na walang makakalapit sa lugar kung saan nakalagay ang *video projector*. Lagyan ng lubid na pangharang sa pagitan ng *video projector* at *screen* upang maiwasan matakpan ng mga ulo ng manonood ang *screen* na maaari pang maging sanhi ng pagkaabala.
- _____ Siguraduhin na lahat ng kable ay hindi nakaharang sa mga dadaanan. Maraming pagkakataon na biglang nawawalan ng kuryente dahil ang mga de-kuryenteng kable ay natatapakan.
- _____ Tipunin ang mga Tagapayo para sa panalangin at pagbibigay ng iba pang tagubilin. Ituro sa kanila kung saan sila pupuwesto kapag natapos na ang palabas. Sa panahon ng pag-anyaya, ang mga kabataan ay papupuntahin sa gitna, ang mga kababaihan ay sa kaliwa, at ang mga kalalakihan ay sa kanan.
- _____ Upang makuha ang pansin ng mga tao, maaaring ipakita ang unang 5 minuto ng pelikula habang ang araw ay lumulubog. Maaari din magpalabas ng maikling pelikula na pambata na may haba ng 10-15 minuto lamang. May mga lugar na kung saan ang mga manonood ay darating lamang kung naririnig na nila ang mga tunog mula sa *amplifier/speaker*.
- _____ Magbigay ng maikling panimula tungkol sa pelikula. May mga lugar sa mundo na hindi pa naririnig ang pangalang Jesus. Maaari mong sabihin ito: “Lahat tayo ay nagpapasalamat sa Panginoong Manlilikha para sa magandang kalikasan na nakapalibot sa atin. Ang pelikula na ating mapapanood ay tungkol sa Kaniyang Anak, na ang pangalan ay Jesus, at ang naging buhay

Niya dito sa mundo.

_____ Sabihin sa mga manonood na manatili muna ng 5 minuto at huwag umalis kapag natapos na ang pelikula para sa ilang mahahalagang impormasyon.

_____ Simulan na ang palabas. Dapat sakop ng buong *screen* ang palabas.

_____ Pakiusapan ang mga Tagapayo na patuloy na manalangin habang ginaganap ang palabas. Ipanalangin ang mga sumusunod:

- Tadhana ng mga manonood sa kabilang buhay
- Maayos na paggana ng mga kagamitan
- Bawat miyembro ng grupo at ang kanilang mga gawain
- Paggapos kay Satanas at ang kaniyang mga plano na sirain ang pagtatanghal
- Huwag sanang umulan o humangin ng pagkalakas-lakas upang matapos ang pagtatanghal ng pelikula

MGA BAGAY NA HINDI DAPAT GAWIN HABANG SA PANAHOON NG PAGTATANGHAL

- Huwag iwanan ng walang bantay ang mga kagamitan lalo na ang *video projector* at *DVD player*.
- Huwag makipag-usap sa *cellphone* habang ginaganap ang pagtatanghal ng pelikula.

APENDIKS 18

FOLLOW-UP CARD

Gumawa ng maraming kopya ng Follow-Up Card na ito upang magamit sa pagtatanghal ng pelikula.

Follow-Up Card	
Pangalan:	_____
Tirahan:	_____ _____
Petsa:	_____
Telepono:	_____
_____	Ngayon, nanalangin ako upang tanggapin si Cristo.
_____	Gusto kong makatanggap pa ng impormasyon kung paano tatanggapin si Cristo.
_____	Gusto kong malaman kung paano palalaguin ang aking pananampalataya at kaugnayan kay Cristo.
_____	Nais kong may bumisita sa akin.
Komentaryo:	_____ _____

Follow-Up Card	
Pangalan:	_____
Tirahan:	_____ _____
Petsa:	_____
Telepono:	_____
_____	Ngayon, nanalangin ako upang tanggapin si Cristo.
_____	Gusto kong makatanggap pa ng impormasyon kung paano tatanggapin si Cristo.
_____	Gusto kong malaman kung paano palalaguin ang aking pananampalataya at kaugnayan kay Cristo.
_____	Nais kong may bumisita sa akin.
Komentaryo:	_____ _____

APENDKIS 19

CSCFM Promotion Card

Halina't Kilalanin si Jesus

Mahigit 1 bilyong tao sa 220 na bansa ang nakapanood sa mga pelikulang ito na nagpapakita ng buhay at paglilingkod ni Jesuscristo.

Ngayon, ikaw ay inaanyayahan sa espesyal na presentasyon ng mga pelikulang ito sa wikang_____.

Petsa:_____

Oras:_____

Lokasyon: _____

Libre at Walang Bayad
Isama ang inyong pamilya at mga kaibigian

Halina't Kilalanin si Jesus

Mahigit 1 bilyong tao sa 220 na bansa ang nakapanood sa mga pelikulang ito na nagpapakita ng buhay at paglilingkod ni Jesuscristo.

Ngayon, ikaw ay inaanyayahan sa espesyal na presentasyon ng mga pelikulang ito sa wikang_____.

Petsa:_____

Oras:_____

Lokasyon: _____

Libre at Walang Bayad
Isama ang inyong pamilya at mga kaibigian

APENDIKS 20

CSCFM MONTHLY FIELD REPORT SHEET

Pangalan ng Pinuno _____					Buwan/Taon _____						
Pagkatapos ng bawat pagtatanghal, punan ng pinuno ang kailangang impormasyon. Sa pagtatapos ng buwan, ang lahat ng datos ay kailangang iulat sa Talaan ng CSCFM sa www.christianssharingchrist.org											
Kailangang Impormasyon					PARA SA IYONG PAGGAMIT						
# Naipalabas na pelikula	# Dumalo (Attendance)	# Tumanggap kay Cristo	# Naipamahaging Gospel tract	# Naipamahaging Biblia o Bagong Tipan	# Kurso ng Pagbabahagi ng Ebanghelyo	# Sinanay para magbahagi ng Ebanghelyo	# Naitayo na bagong Iglesia	Pangalan ng Iglesia na nagtangkik at sumuporta sa pagtatanghal ng pelikula	Bayan/Nayon kung saan ginanap ang pagtatanghal	Wikang ginamit ng pinalabas na pelikula	Petsa ng pagtatanghal ng pelikula
					Para sa Latin Amerika lamang						

Maaaring ipadala sa *e-mail* ang inyong mga patotoo, larawan, mga hindi pangkaraniwang pangyayari, o mga kuwento na may kinalaman sa ating gawain. Ipadala sa cscreport@aol.com.

PAALALA: Maaaring gumawa ng maraming kopya ng CSCFM Monthly Field Report Sheet para magamit ng inyong grupo.



P.O. Box 508, Libuse, LA, USA 71348

KASUNDUAN SA GAWAIN AT PAGGAMIT NG MGA KAGAMITAN

Ako, _____, ay nakatanggap ng mga kagamitan na nakalista sa kasunduang ito bilang bahagi ng kasunduan namin ng Christians Sharing Christ Film Ministries (na kilala rin sa kasunduang ito bilang CSCFM). Ang mga kagamitan ay hindi regalo, sa halip ang mga ito ay pinahiram lamang sa akin at sa aking mga piling kamanggagawa. Sa pamamagitan ng aking lagda, ako ay sumasang-ayon na magtrabaho ng naaayon sa patakaran at pamamaraan na nakasulat sa CSCFM Manwal sa Pagsasanay. Sumasang-ayon din ako na makipagtulungan sa mga Pastor at iba't ibang Iglesia na nagtuturo ng Ebanghelyo. Makikipagtulungan ako sa iba't ibang sekta na nangangaral na si Jesus ay Panginoon at Tagapagligtas, at Anak ng Dios.

Bilang bahagi ng kasunduan namin ng CSCFM, sumasang-ayon ako na hindi ipapahiram ang mga kagamitan sa kahit na sinuman. Ako at ang mga pili at sinanay na kamanggagawa ay sumasang-ayon na ingatan at alagaan ang mga kagamitan na ipinagkatiwala sa amin sa abot ng aming makakaya. Sumasang-ayon ako na hindi kailanman gagamitin ang mga kagamitan sa karaniwan at lingguhang pagsamba sa Iglesia, pagpupulong, o sa ibang mga bagay na walang kinalaman sa CSCFM. Ito ay gagamitin lamang sa pagtatanghal ng pelikula upang hikayatin at akayin ang mga hindi pa naliligtas para kay Cristo. Inaasahan din akong magpasa, sa tuwing ika-limang (5th) araw ng buwan, ng mga datos, mga patotoo, mga bagay na nais ipanalangin, mga ulat-papuri, larawan, o mga kuwento na may kinalaman sa gawaing ito sa www.christianssharingchrist.org.

Ang mga kagamitan ng CSCFM na nakalista sa kasunduang ito ay ipapahiram sa akin ng 3 taon (0 36 buwan). Sa pagtatapos ng 3 taon, maaaring baguhin at ipagpatuloy ng CSCFM ang kasunduan, o tapusin ang kasunduan at hilingin na ibalik na ang mga kagamitan sa kanila. Kung sakali na sa loob ng 3 taon na ito ay nalaman ng CSCFM na ang aking pagtatrabaho, pagsisikap o paggawa ay hindi sapat, o nalaman nila na ang kanilang mga kagamitan ay hindi ginagamit sa pagbahagi ng Ebanghelyo o anumang hindi sinang-ayunang gawain, nararapat lamang na ibalik ko na ang LAHAT ng kagamitan sa aking Tagapangasiwa ng Ministeryo (Ministry Coordinator), Direktor ng CSCFM sa Bansa (Country Director), o kay Nathan Patrick Calhoun ng CSCFM/USA.

Uri ng Kagamitan

Serial #

1. _____	_____
2. _____	_____
3. _____	_____
4. _____	_____
5. _____	_____
6. _____	_____
7. _____	_____
8. _____	_____
9. _____	_____
10. _____	_____

CSCFM Pinuno/Miyembro ng Grupo

(Pangalan) _____ (Lagda) _____

Saksi

(Pangalan) _____ (Lagda) _____

Direktor ng CSCFM sa Bansa* (Lagda) _____

Pangulo ng CSCFM (Lagda) _____

Ang Kasunduang ito ay nilagdaan noon ika-_____ sa buwan ng _____, 20_____

*Kung ang lagda ng Pangulo ng CSCFM, N. Patrick Calhoun, ay hindi nakuha, sapat na ang lagda ng Direktor ng CSCFM sa bansa upang mabuo at magkaroon ng bisa ang kasunduang ito.